


Introduksiyon

Kinikilala ng Philippine Cultural Education Program (PCEP) ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) ang pagkakaiba-iba ng mga *learner* o mag-aaral sa buong bansa bunga ng dibersidad sa wika at kultura. Adhikain din ng NCCA-PCEP na hubugin ang identidad ng mga mag-aaral bilang Filipino, gayundin ang ihanda sila at bigyan ng kasanayan sa mga hamon ng ika-21 siglo. Upang maisulong ang adhikaing ito, kailangang linangin ang mga wikang lokal at itaguyod ang wikang pambansa upang maitampok ang pagkakaiba-iba ng mga kultura sa bansa habang itinatanghal ang pagkakatulad ng kasaysayan at mga karanasan bilang mga Filipino. Sa proyektong *Kuwentong Supling*, pangunahing isinasakatuparan ang mga layuning ito sa muling-pagsasalaysay at paglalathala ng mga kuwentong-bayan na naunang nagsupling sa kanayunan habang nagkukuwento ang mga magulang sa kanilang mumunting supling.

Sa bisa ng Republic Act No. 9155 (11 Agosto 2001), ang dating Department of Education, Culture and Sports (DECS) ay naging Department of Education (DepEd). Ang batas ding ito ang nagbunsod sa NCCA para likhain ang PCEP upang tugunan ang mga nawalang tungkulin ng DepEd at upang tiyaking ang kurikulum sa batayang edukasyon ay nakasandig sa kulturang Filipino.




Kultura ang humuhulma sa ating isip at nagbibigay sa atin ng kakayahang makilala, magbigay-kahulugan, at mamuhay sa mundo. Ang mga pakikipag-usap, pag-aaral, pag-alala, at pangangarap ay bahagi ng pagkasangkot natin sa isang kultura. Kaya, mahalagang maging ubod o pundasyon ng edukasyon, pamamahala, at kabuhayan ang edukasyong nakasandig sa kultura.

Ang pagsusulong ng edukasyong nakasandig sa kultura ang misyon ng PCEP. Ibig nating mapanday ang Filipinong may malalim na kamalayan, pag-unawa, at pagpapahalaga sa ating sining, kasaysayan, heograpiya, at pamanang kultural at magamit niya ito upang matamo ang malaya at may kalidad na pamumuhay.

Masidhi ang pagsisikap ng NCCA na imulat ang mga Filipino sa kapangyarihan ng kultura upang paunlarin ang bansa. Maraming pagsisikap ang ahensiya tulad ng pagbibigay kapasidad sa mga guro na gamitin ang kultura sa iba't ibang larang; pagkakaloob ng mga oportunidad sa pagmumulat sa mga mag-aaral, local na opisyal ng pamahalaan, media, manggagawangpangkultura, at mga institusyon sa kahalagahan ng wika, kalikasan, pamana ng lahi, sining, kasaysayan, at kultura; at paglinang ng mga babasahin at materyal na magagamit sa paghubog ng mga mag-aaral.

Ang *Kuwentong Supling* ay publikasyon ng PCEP, katuwang ang Supling Sining, Inc., na tumutugon sa



kahingian ng edukasyong pangkultura sa bansa na bumuo ng mga kagamitang pampagtuturo ang mga paaralang lokal ayon sa Enhanced Basic Education Act of 2013 (RA 10533), Sec. 5. Binibigyang-otoridad ang mga ahensiyang lokal ng edukasyon na humubog ng mamamayang may sapat na kaalamang pangkultura ng kaniyang kagyat na konteksto upang mapakinabangan sa kaniyang kaunlaran. Ang mga paaralan at guro ay may tungkuling gumawa ng mga lokal na material pampagtuturo upang higit na maging makabuluhan sa mag-aaral ang edukasyon. Labis ang pasasalamat ng NCCA-PCEP kina Dr. Rosario Torres-Yu, Dr. Pamela Constantino, at Dr. Galileo Zafra sa pagsasagawa ng mga palihang rehiyonal para bigyan ng sapat na kakayahan ang mga guro sa mga lalawigan na mandaliksik at lumikha ng mga angkop na aralin at kagamitan na makatutulong sa realisasyon ng edukasyong pangkultura sa bansa.

JOSEPH "SONNY" CRISTOBAL
Direktor, NCCA-PCEP